# Ang Bahay nila Karding



Maganda ang bahay nina Carding. Dalawang palapag ito. Puti ang kulay ng bahay. Luntian ang kulay ng bakod nito.

1. Ilarawan ang kanilang bahay___________________
2. Ilang palapag ang kanilang bahay? _______
3. Ano ang kulay nito? ________________________
4. Iguhit ang iyong pangarap na bahay

# Si Cita







Nasa halamanan si Cita. Namimitas siya ng mga rosas. Ilalagay niya ito sa plorera. Iaalay niya ito sa Birhen.

1. Ano ang pamagat ng kuwento? ________________
2. Nasaan si Cita? ___________
3. Sino ang nasa halamanan?
4. Ano ang kaniyang gingagawa doon? _________
5. Kanino niya iaalay ang rosas? ______________________

# Ang Uniporme



Papasok na sa paaralan si Minda. Nagsuot siya ng uniporme. Puti ang kaniyang blusa. Asul ang kaniyang palda. Itim ang kaniyang sapatos.

1. Saan pupunta si Minda?
   ______________________________
2. Ano ang kaniyang isinuot? _______________
3. Ano ang kulay ng kaniyang uniporme? _____
4. Bakit kailangang pumasok sa paaralan?
   ______________________________

# Ang Tuta ni Eric





Magkaibigan sina Eric at Bong. Kaarawan ni Eric. Ninigyan siya ni Bong ng tuta. Malago at itim ang balahibo nito. "Aw! Aw! Ang sabi nito kay Eric.

1. Sino sino ang mga tauhan sa kuwento? ____________________
2. Anong okasyon kina Eric? ____________________
3. Ilarawan ang balahibo ng tuta?
4. Bakit binigyan ni Bong si Eric ng tuta? __________

# Namalengke ang Nanay



Namalengke ang nanay. Nagdala siya ng basket. Bumili siya ng isang kilong karne. Bumili pa siya ng isda. Bumili rin siya ng gulay at saging.

1. Saan pumunta si nanay? ______________________
2. Ano ano ang kaniyang pinamili? ______________
3. Ilang kilo ng karne ang kaniyang pinamili? _____
4. Ilarawan ang mga pagkaing binili ni nanay ______________

# Ang Inang Bibe at ang Limang Sisiw





Namasyal ang inahing bibe. Kasama ang limang sisiw. Nagpunta sila sa ilog. Lumagoy langoy sila rito. Masayang masaya ang mga bibe.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?_____________
2. Ilan ang anak ni inang Bibe? _____________________
3. Saan sila namasyal?_______
4. Ano ang kanilang ginawa roon?
5. Ilarawan ang damdamin ng mga bibe noong sila'y lumalangoy.

# Ang Santol



Nakakain ka na ba ng santol? Ito ay isang prutas. May matamis na santol at mayroon ding maasim. Lima ang buto nito. Hindi ito nilulunok.

1. Anong prutas ang nabanggit sa kuwento?

   ______________________________

2. Ano ang lasa ng santol?

   _____________________________

3. Ilan ang buto ng santol?_____________

4. Puwede bang lunukin ang buto ng santol? ______

   Bakit? _____________

# Marumi si Ineng





Ang dumi-dumi ni Ineng. Pinaliguan siya ng nanay. Binihisan siya ng damit na panlaro. Sinuklayan siya. Nilagyan siya ng laso sa buhok. Maganda na si Ineng.

1. Ilarawan si Ineng_____
2. Sino ang nagpaligo sa kaniya?_________
3. Ano ang ginawa ng nanay sa kaniyang buhok?______
4. Ano ang inilagay ni inay sa kaniyang buhok? _____
5. Ano ang pakiramdam ng bagong paligo?_________

# Tumbampreso




Maiingay ang mga bata. Naglalaro sila. Tumbampreso ang kanilang nilalaro. May mga pamato sila. Itinutumba nila ang lata.

1. Bakit maiingay ang mga bata? ____________________
2. Ano ang kanilang ginagawa? ______________
3. Ano ang kanilang nilalaro?____________________
4. Anong bagay ang ginagamit sa paglalaro ng tumbampreso? ________

# Ang Kartero



Masipag si Mang Boni. Isa siyang kartero. Nagdadala siya ng mga sulat. Nagpupunta siya sa bahay-bahay. Laging pagod si Mang Boni ngunit masaya parin siya.

1. Ano ang trabaho ni Mang Boni? ____________________
2. Ano ang dinadala niya sa mga bahay-bahay?______________
3. Bakit masaya si Mang Boni kahit siya ay pagod? ________________

# Ang mga Laruan ni Manuel



Maraming laruan si Manuel. Natanggap niya ang mga ito noong Pasko. Bisekleta ang bigay ng Lolo. Bola naman ang bigay ng nanay at tatay.Damit ang bigay ng ninang at ninong.

1. Sino ang nakatanggap ng maraming regalo? ___________
2. Bakit siya nakatanggap ng regalo? ______________________
3. Ano ano ang mga natanggap niyang regalo? ______________
4. Ano ang pakiramdam ng nakatanggap ng regalo?

# Ang Lemonada ni Mina



Naglemonada si Mina.Kumuha siya ng isang basong may malamig na tubig. Pinigaan niya ito ng apat na kalamansi. Nilagyan din niya ito ng asukal. Masarap ang lemonada ni Mina.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?________________
2. Ano ang ginawa ni Mina?_
3. Ano ang inilagay niya sa baso?____
4. Ilang kalamansi ang inilagay niya sa baso?___
5. Ano ang lasa ng lemonada?____________

# Pista ng Bayan



Pista ng bayan. May palamuti ang kalsada. May musikong lumiligid. Maraming bisita ang dumarating. Masasarap ang mga pagkain.

1. Anong okasyon sa kanilang lugar?______
2. Ilarawan ang kalsada____
3. Ilarawan ang mga pagkain_______________
4. Ilan ang bisitang dumarating?___________
5. Anong ugali ang ipinapakita ng mga Pilipino tuwing may mga bisita?

# Ang Manika ni Dulce





May bagong manika si Dulce. Rosas ang kulay ng damit ng manika. Mahaba ang itim na buhok nito. Nakakalakad din ito kapag inaakay.

1. Ano ang pamagat ng kuwento? ________________
2. Sino ang may bagong manika? ________________
3. Ano ang kulay ng damit ng kaniyang manika? ________
4. Ilarawan ang buhok nito ___
5. Nakakalakad ba ito? ___ Paano? ______

# Ang Laro ng mga Bata



Naglalaro sa paaralan ang mga bata. Nagpipiko sina Rita at Carmen. Nagsisiklot sina Nena 7/31 Fely. Nagsisipa sina Mely at Flor. Naghahabulan naman ang mga batang lalaki.

1. Ano ang ginagawa ng mga bata? ___________
2. Sino - sino ang nagpipiko?___________
3. Sino- sino naman ang nagsisiklot? ___________
4. Ano ang nilalaro ng mga lalaki?
   ___________
5. Ano ang pakiramdam ng naglalaro? ___________

# Bumili si Lita



Pumunta sa tindahan si Lita. Bumili siya ng tatlong lapis. Bumili siya ng tatlong buong papel. Bumili rin siya ng sampung kuwaderno. Gagamitin niya ito sa pag-aaral.

1. Sino ang bumili ng kagamitan? ________________
2. Saan siya bumili?___________
3. Ano ano ang kaniyang binili?________________________
4. Saan niya gagamitin ang kaniyang mga binili?________



# Si Nene

Malikot si Nene. Kinuha niya ang gunting. Kinuha niya ang aklat ng kuya. Ginupit-gupit niya ito. Nakita siya ng nanay. Nagalit ang nanay.

1. Ilarawan si Nene________
2. Anong bagay ang kaniyang pinaglaruan?___
3. Ano ang ginawa niya sa aklat?_________
4. Tama bang gupit-gupitin ang aklat?______ Bakit? _____
5. Ano ang mararamdaman ng kapatid niya kapag makita niyang nagupit-gupit ang kaniyang aklat?____________________

# Ang Pasko



Malapit na ang pasko. Gumawa ng parol ang tatay. Isinabit niya ito sa bintana. Inayos ng nanay ang Christmas tree. Nilagyan niya ito ng palamuti.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?________________
2. Kailan nagsasabit ang parol?
3. Bakit nagsasabit ng parol si Tatay?
4. Bakit nagdiriwang ng Pasko ang pamilyang Pilipino? ________________

# Ang Alaga ni Enteng



May alagang inahing manok si Enteng. Mayroon itong pitong sisiw. "Siyap, siyap"! Ang sabi nila Ang ibig nilang sabihan" Gusto namin ng butil".

1. Sino ang may alagang manok?

   ______________________________

2. Ilan ang anak nito? __________
3. Ano ang ipinapakain ni Enteng sa kaniyang manok?

   ______________________________

4. Bakit kailangang pakainin ng butil ang mga sisiw? __________

# Ang Palaka






Nakakita ka na ba ng palaka? Apat ang paa nito. Nakaluwa ang dalawang mata nito. "Kokak! Kokak!, ang sabi nito.

1. Ano ang pamagat ng kuwento?________________
2. Ilan ang paa ng palaka?____
3. Ilarawan ang kaniyang mga mata________________
4. Ano ang tunog o huni ng palaka? ________________

# Ang Saranggola



Gumawa ng laruan ang kuya. Gumawa siya ng saranggola. Kawayan ang kaniyang ginamit. Binalutan niya ito ng manipis na papel. Tinalian niya ito ng pisi.

1. Anong laruan ang kaniyang ginawa? ______
2. Ano ano ang kaniyang mga kagamitang ginamit sa paggawa ng saranggola? ___________

# Kaarawan ng Nanay



Kaarawan ng nanay. Naglinis ng bahay ang kuya. Nag-ayos ng mesa ang ate. Nagluto ng pagkain ang tatay. Ginulat nila ang nanay.

1. Sino ang may kaarawan?

_______________________________

2. Paano sinorpresa ng kaniyang mga anak ang nanay?

_______________________________

# Ang Ibon



Nakalilipad ang ibon. May pakpak at buntot ito. Magaan at hugis Bangka ang katawan nito. Nababalot ang ibon ng balahibo.

1. Ano ang pamagat ng kuwento? ________________
2. Ano ang hugis ng katawan ng ibon? _______________
3. Paano nakalilipad ang ibon? ________________

# Ang Batang Sakitin



Sakitin si Maring. Wala siyang ganang kumain. Ibig niya ng masarap na ulam. Ibig niya ng karne at isda. Ayaw niya ng gulay.

1. Sino ang batang sakitin? ______________________________

2. Ano ano ang mga ibig niyang kainin? ______________________

3. Bakit naging sakitin si Maring? ______________________________

4. Ano ang iyong gagawin upang hindi ka matulad kay Maring? ______________________________

# Ang Lola






Matanda na si Lola. Puti na ang kaniyang buhok. Kulubot na ang kaniyang balat. Ngunit malakas pa siya. Inaalagaan niya kami.

1. Ano ang pamagat ng kuwento? ________________
2. Ilarawan si Lola__________
3. Sino ang nag aalaga sa mga bata?______________
4. Bakit si Lola ang nag aalaga sa kanila?

   ____________________________

# Papel na Puso



Ika-14 ng Pebrero. Araw ng mga puso. Kumuha si Mario ng papel na pula. Gumupit siya ng hugis puso. Ibinigay niya ito sa kaniyang guro.

1. Kailan ipinagdiriwang ang Araw ng mga Puso? __________
2. Ano ang iginuhit ni Mario?__________________
3. Kanino niya ito ibibigay? ____________________________

# Ang Araw





Tignan mo ang araw. Nakasisilaw. Kailangan ng halaman ang init nito. Kailangan din ito ng hayop. Kailangan ito ng lahat.

1. Ano ang pamagat ng kuwento? ________________
2. Ilarawan ang araw______________
3. Ano ang gamit ng araw?

# Nagbakasyon



Nagbakasyon ang mag-anak. Nagpunta sila sa Baguio. Sumakay sila sa bus. Limang araw sila roon. Sumakay sila muli sa bus sa kanilang pag-uwi.

1. Saan nagbakasyon ang mag anak? ________________
2. Ano ang kanilang sinakyan? ______________
3. Ilang araw silang nanatili sa Baguio?

# Sa Ilog



Namamangka sa ilog ang mga bata. Nakasakay sila sa bangkang may katig. Masasaya sila. Nag-aawitan sila. Kayganda ng paligid ng ilog.

1. Anong transportasyon ang sinakyan ng mga bata? ______________
2. Paano mo mapapanatiling maganda ang ilog? ______________________
3. Ilarawan ang ilog.______
4. Gamitin sa pangungusap ang maganda______________